

# HELLO MULA SA Guatemala!

Ang Guatemala ay nasa Central America. Mga 17 milyon ang mga taong nakatira doon.





*Samahan sina Margo at Paolo habang nilalakbay nila ang mundo para malaman ang tungkol sa mga anak ng Ama sa Langit.*



## NAPAKAGANDANG MUSIKA

Ang marimba ang pambansang instrumento ng Guatemala. Tinutugtog ito sa pamamagitan ng paghampas ng mga mallet sa mga kahoy.



## KASAYAHAN SA LABAS

Sama-samang naglalaro ang mga batang ito sa oras ng break sa paaralan. Ano ang paborito mong laro na malalaro sa labas?



## PAGTULONG SA BAHAY

Paano ka tumutulong sa bahay? Tinutulungan ng batang babaeng ito ang kanyang pamilya sa pamamagitan ng pagkolekta ng mga itlog.



## 4 NA TEMPLO

Ang Guatemala ay may dalawang templo, at may dalawa pang itatayo! Ito ang templo sa Quetzaltenango.



## PEPIÁN

Ang nilagang ito ay may karne, mga pampalasa, at mga gulay. Nagmumula ito sa mga sinaunang taong Mayan.

MGA PAGLALARAWAN NI KATIE MCDEE